Lungsod ng Nishio

# Mapa ng Panganib sa Pagbugso ng Bagyo

Inisyu ng: Lungsod ng Nishio Departamento ng Konstruksyon, Seksyon ng Ilog at Daungan
TEL: 0563-65-2151
Departamento ng Pamamahala ng Krisis, Seksyon ng Pamamahala ng Krisis
TEL: 0563-65-2137
Petsa ng paggawa: Marso 2023

## Paraan ng Paggamit ng Hazard Map

Ang mapa ng panganib sa pagbugso ng bagyo ay nagbibigay impormasyon kung saang lugar ang inaasahang babahain at sa mga lugar ng paglilikasan sa panahon ng pagbugso ng bagyo. Tiyaking ugaliin ang pagsuri sa antas ng panganib sa iyong lugar, kung saan makakakuha ng impormasyon, at mga tip sa paglikas, at kung may panganib ng sakuna, lumikas kaagad mula sa mapanganib na lugar.

### Regular na makipag-usap sa iyong pamilya

Mahalagang maghanda bago mangyari ang mga sakunang tulad ng pagbugso ng bagyo o pagbaha para makagawa ng angkop na aksyon sa mahinahong paraan kung kinakailangan.
Mahalagang makipag-usap sa iyong pamilya at mga kapitbahay kung paano maghahanda para sa sakuna at kung ano ang gagawin sa panahon ng sakuna.


**Hakbang 1 Suriin ang lokasyon ng iyong tahanan at mga lugar na paglilikasan.**

Suriin ang lokasyon ng iyong tahanan at mga lugar na paglilikasan sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga lokasyon ng mga pambansa at prefectural na daanan, mga paaralan at pampublikong pasilidad.





**Hakbang 2 Kumpirmahin ang mga lugar na maaaring mapanganib sa panahon ng pagbugso ng bagyo.**

Kumpirmahin ang mga lugar na maaaring mapanganib sa panahon ng pagbugso ng bagyo tulad ng mga daanan ng tubig at pantalan na malapit sa tahanan mo.




**Hakbang 3 I-set up ang mga ruta ng paglikas habang iniiwasan ang mga mapanganib na lugar.**

Tiyaking i-set up ang mga ruta ng paglikas habang iniiwasan ang mga lugar na maaaring mapanganib sa panahon ng pagbugso ng bagyo ayon sa ②.




**Hakbang 4 Aktwal na suriin ang ruta ng paglikas para matiyak ang kaligtasan.**

Aktwal na suriin ang ruta habang nakikipag-usap sa iyong pamilya at mga kapitbahay.
Suriin ang ruta ng paglikas kung may mga panganib dito.





**Hakbang 5 Ihanda ang mga suplay na pang-emergency at mga inipong suplay.**

Tingnan ang “Mga Suplay na pang-emergency at Inipong suplay” na nakalista sa kanan at ihanda ang mga bagay na kakailanganin mo sa panahon ng sakuna.



**Hakbang 6 Magsulat sa Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna.**

Regular na kumpirmahin ang nakatakdang pang-emergency na mga lugar na paglilikasan at nakatakdang mga lugar na paglilikasan at isulat sa “Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna” sa kanan.
Isulat ang contact information ng mga kapamilya, kakilala, kamag-anak, at iba para sa pagkumpirma ng kanilang kaligtasan.





## Kung paano nangyayari ang pagbugso ng bagyo at ang pagkakaiba ng pagbugso sa ng bagyo at tsunami

### Kung paano nangyayari ang pagbugso ng bagyo

Ang pagbugso ng bagyo ay isang phenomena kung saan tumataas nang husto ang antas ng dagat kapag papalapit na sa lupa ang isang bagyo o namuong low-pressure na sistema ng panahon.
Kapag tumaas ang antas ng tubig dahil sa pagbugso ng bagyo at bumugso sa baybayin ang malalaking alon, maaaring tumawid sa mga dike ang tubig-dagat na magiging sanhi ng pagbaha. Partikular na madaling mapinsala ng pagbugso ng bagyo ang mga lupa na nasa antas ng dagat malapit sa mga bay, at mga dalampasigan na may malalim na topograpiya sa ilalim ng tubig.
Narito ang dalawang pangunahing mekanismo na nagsasanhi ng pagbugso ng bagyo gaya ng ipinapakita sa ibaba. Hinihigop ng low pressure na sistema ng panahon ang antas ng dagat at iniihip ng hangin ang dagat patungo sa lupa.


### Ang antas ng dagat ay hinihigop ng pagbagsak ng atmospheric pressure.

Mas mababa ang atmospheric pressure ng mata ng bagyo o low pressure na sistema ng panahon kaysa sa palibot nito. Samakatuwid, ang hangin sa palibot ng mata ng bagyo, kung saan may mataas na atmospheric pressure, ang tumutulak sa dagat habang ang mata ng bagyo ang humihigop pataas sa dagat. Nagreresulta ito sa pagtaas ng lebel ng dagat sa mata ng bagyo o low pressure na sistema ng panahon.



### Iniihip ng hangin ang dagat patungo sa lupa

Kapag patuloy na umiihip ang malalakas na hangin patungo sa mga bagybayin dahil sa bagyo o low pressure na sistema ng panahon, natatangay ang tubig-dagat sa mga baybayin kaya tumataas ang antas ng dagat malapit sa baybayin.




### Ang pagkakaiba ng pagbugso ng bagyo at tsunami

Ang pinakamalaking pagkakaiba ng pagbugso ng bagyo at tsunami ay kung paano ito nangyayari. Habang nangyayari ang mga pagbugso ng bagyo dahil sa bagyo o low pressure na sistema ng panahon, nangyayari ang tsunami dahil sa lindol o paggalaw ng bulkan sa ilalim ng dagat. Hindi tulad ng mga lindol at paggalaw ng bulkan, na pangunahing dahilan ng tsunami, madaling sukatin ang mga bagyo at low pressure na sistema ng panahon kaya madaling nahuhulaan ang paglitaw ng pagbugso ng bagyo.

## Inanunsyo ang nilalaman ng impormasyon sa panahon ng sakuna at kaugnay na paglikas

**Paparating na ang bagyo** — Kumuha ng impomasyon sa lagay ng panahon mula sa TV at radyo, atbp.
→ **Inilabas ang abiso ng pagbugso ng bagyo** — Maghandang lumikas kung kailangan. Simulan ang paglikas sa matatanda, atbp.
→ **Inilabas ang babala ng pagbugso ng bagyo** — Simulan ang paglikas kung kailangan ➡ Tapusin ang paglikas
→ **Inilabas ang impormasyon sa pagbaha dahil sa pagbugso ng bagyo** — Kumilos para iligtas iyong buhay

| Antas ng babala | Aksyong ginawa ng mga mamamayan | Lungsod ng Nishio<br>*Impormasyong naghihikayat sa mga mamamayan na kumilos | Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan, atbp.<br>*Impormasyon mula sa Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan, atbp. na naaayon sa antas ng babala |
|---|---|---|---|
| 5 | **Dapat gumawa ng pinakamahusay na aksyon ang mga taong hindi pa lumilikas mula sa mapanganib na lugar para mailigtas ang kanilang buhay**<br>Nakamamatay ang sitwasyong ito. Kung nahuli ka sa paglikas mula sa sakuna, tiyakin ang sarili mong kaligtasan at kumilos para protektahan ang iyong sarili | **Gumawa ng mga pang-emergency na hakbang sa kaligtasan**<br>Nangyari na ang sakuna at papalapit na ito<br>Manatiling ligtas at protektahan ang iyong sarili sa kapahamakan<br>*Hindi palaging inilalabas ang impormasyong ito. | **Impormasyon sa pagbaha dahil sa pagbugso ng bagyo** |
| 4 | **Tapusin ang paglikas sa lahat mula sa mapanganib na lugar**<br>Tapusin ang iyong paglikas bago pa ito maging mahirap dahil sa malakas na hangin at baha sa mga kalsada, atbp.<br>■Magtungo kaagad sa mga evacuation shelter o sa isang ligtas na lugar o tiyakin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananatili sa loob ng bahay<br>■Kung manganganib ang iyong buhay kung aalis ka ng bahay, lumikas sa pinakamalapit na ligtas na lugar o sa mas ligtas na parte ng iyong bahay<br>■Magtulungan sa paglikas | **Mga tagubilin sa paglikas**<br>Sitwasyon na may nangyayaring mas mataas na panganib ng pinsala o kapahamakan<br>Sitwasyon kung saan nakalikas na ang lahat | **Babala ng pagbugso ng bagyo o Espesyal na babala ng pagbugso ng bagyo** |
| 3 | **Dapat umalis kaagad mula sa mapanganib na lugar ang matatanda**<br>■Maging handang lumikas anumang oras<br>■Kumuha ng wastong impormasyon<br>■Dapat magsimula nang lumikas ang matatanda at may kapansanan | **Ilikas ang matatanda**<br>Sitwasyon na may nangyayaring panganib ng pinsala o kapahamakan<br>Sitwasyon na dapat nang simulang ilikas ang mga taong nangangailangan ng panahon sa paglikas | **Abiso na may mataas na posibilidad na maging babala ng pagbugso ng bagyo** |

### Horizontal na Paglikas (pag-alis sa bahay para lumikas) at Vertical na Paglikas

Mahalaga ang mabilisang paglikas sa panahon ng sakuna. Gayunpaman, dapat iwasan ang padalusdalos na paglikas sa mga sitwasyon kung saan malapit na ang nakaambang panganib gaya ng kapag inilabas na ang impormasyon sa pagbaha dahil sa pagbugso ng bagyo. Sa mga sitwasyong ito, dapat nang magdesisyon na lumikas sa matataas na lokasyon (vertical na paglikas) gaya ng pinakamalapit na matibay na gusali na may dalawang palapag pataas, at hindi lang basta lumayo sa mapanganib na lugar (horizontal na paglikas) pagkatapos makatanggap ng utos na ilikas ang matatanda o ang iyong sarili.











Kung hindi ka makapunta sa evacuation shelter, isaalang-alang ang paglikas sa mas mataas na palapag ng malapit na gusali o pansamantalang magpunta sa ikalawang palapag o higit pa ng iyong bahay at maghintay ng rescue.




### Pamantayan sa pag-anunsyo ng bawat uri ng impormasyon

**Impormasyon sa pagbaha dahil sa pagbugso ng bagyo**
Inaanunsyo kapag ang antas ng tubig sa baseline station sa baybayin na may kilalang antas ng tubig (isang baybayin kung saan maaaring magsanhi ng malaking pinsala ang pagbugso ng bagyo) ay naabot na ang pinakamapanganib na antas ng tubig ng pagbugso ng bagyo.

**Espesyal na babala ng pagbugso ng bagyo**
Inaanunsyo kapag tinataya ang isang pagbugso ng bagyo dahil sa malakas na bagyo o low pressure na sistema ng panahon na nagaganap **isang beses sa loob ng ilang dekada**.

**Babala ng pagbugso ng bagyo**
Inaanunsyo **kapag may panganib na mangyari ang isang seryosong sakuna** pagkatapos tumaas nang husto ang antas ng tubig dahil sa bagyo o low pressure na sistema ng panahon.

**Abiso ng pagbugso ng bagyo**
Inaanunsyo **kapag may panganib na mangyari ang isang sakuna** pagkatapos tumaas nang husto ang antas ng tubig dahil sa bagyo o low pressure na sistema ng panahon. May 2 antas ang abiso ng pagbugso ng bagyo. Ginagamit ang antas ng babala 3 kapag may mataas na posibilidad na maging babala ang isang abiso, habang ginagamit ang antas ng babala 2 kapag walang binanggit na posibleng maging babala ang isang abiso.

**Impormasyon ng maagang babala (posibleng maglabas ng babala)**
Inaanunsyo ng Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan ang impormasyon sa maagang babala kapag posibleng lumala ang lagay ng panahon tulad ng pagbugso ng bagyo, paglakas ng hangin, pagbugso ng alon at paglakas ng buhos ng ulan na maaaring sanhi ng paglalabas ng babala 5 araw na mas maaga.
Subay-bayan ang anumang pagbabago sa lagay ng panahon pagkatapos itong ianunsyo.

## Talaan ng Pamilya sa Pag-iwas sa Sakuna / Mga Suplay na Pang-emergency / Mga Inipong Suplay

### Tagpuan

| Bawat sakuna | Tagpuan | Lugar na paglilikasan (unang pinili) | Lugar na paglilikasan (ikalawang pinili) |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

### Pamilya o iba pang impormasyon sa pagkontak

*Dapat ding ilista ang mga kamag-anak at kakilala sa labas ng apektadong lugar.

| Kompletong pangalan | Numero ng telepono | Email address |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

### Mga suplay na pang-emergency (halimbawa)

☐Bag na pang-emergency bag

**Mga Pagkain**
☐Biskwit at cracker
☐Tubig na maiinom

**Damit**
☐Jacket
☐Panloob na damit
☐Medyas
☐Kumot


**Gamit pangtahanan**
☐Flashlight
☐Portable na radyo
☐Tissue paper
☐Guwantes na pangtrabaho, guwantes
☐Contact lens
☐Pustiso

**Bagay pangkalinisan**
☐Towel
☐Toilet paper
☐Mask
☐Disposable na diaper
☐Sanitary pad
☐Portable na banyo
☐Thermometer
☐Disinfectant

**Suplay na pang-first aid**
☐First-aid kit
☐Gamot, notebook ng gamot

**Mahahalagang bagay**
☐Pera (kasama ang mga barya)
☐Bankbook ng Savings, selyo

**Iba pa**
Helmet




### Mga inipong suplay

Maghanda ng hindi bababa sa pang-tatlong (3) araw na suplay(pang-isang linggo kung maaari) at ilagay ito sa iyong bahay o sasakyan.

**Mga inipong suplay (halimbawa)**
☐Tubig na maiinom (mga 3 litro bawat tao bawat araw)
☐Pagkain (bigas, instant noodles, nakapaketeng pagkain, tsokolate, atbp.)
☐Panggatong (portable na gas stove, ekstrang gas cylinder, lampara, atbp.)
☐Kumot, kumot na tuwalya, tulugan
☐Mga gamit sa banyo
☐Kaldero, initan ng tubig
☐Disposable na chopsticks, platong papel, basong papel, atbp.
☐Cling film, aluminum foil
☐Basang tisyu, tisyu
☐Sanitary pad
☐Alcohol
☐Sapatos
☐Trapal
☐Diyaryo
☐Disposable na mga hand warmer
☐Portable na banyo
☐Ekstrang salamin, hearing aid, tungkod
☐Tools (lubid, pala, etc.)

### Pamamaraang rolling stock

Ang “rolling stock” ay isang pamamaraan ng pagkonsumo sa inipong pagkain at tubig na maiinom bago pa man mag-expire ang mga ito at pagkatapos ay pagpapalit sa iyong mga nakonsumo ng mga bagong suplay para mapanatili ang dami ng mga inipong suplay. Iniiwasan nito na masayang ang inipong suplay sa pamamagitan ng regular na pagkonsumo sa mga suplay na malapit nang mag-expire at tinitiyak din nitong maaari pang gamitin ang mga natitirang suplay dahil hindi pa ito nag-expire kapag kailanganin ang mga ito sa panahon ng sakuna.




## Kung saan makakuha ng impormasyon


Manatiling aktibo sa pagkuha ng impormasyon sa lagay ng panahon at paglikas mula sa TV, radyo at internet kapag kailangan. Maaaring magbago ang mga nakalistang pasilidad ng paglikas matapos magawa ang mapa. Samakatuwid, tiyaking suriin ang **App at Website sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio** para sa pinakabagong impormasyon. Ugaliin ang pag-alam ng impormasyon hangga't maaari.

### Kumuha ng impormasyon

Sikaping makakuha ng impormasyon nang mag-isa.

### Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna

Nagbibigay impormasyon at anunsyo tungkol sa impormasyon ng sakuna at paglikas gamit ang mga speaker sa buong lungsod.




### Internet

Ibibigay ang impormasyon sa pagsisikap sa pag-iwas sa sakuna ng lungsod, impormasyon sa sakuna, at impormasyon sa pag-iwas sa sakuna mula sa mga website ng bawat organisasyon.

**Website ng Lungsod ng Nishio**
https://www.city.nishio.aichi.jp/

**Twitter ng Lungsod ng Nishio**
https://twitter.com/nishio_city

**Facebook ng Lungsod ng Nishio**
https://www.facebook.com/kohonishio/

**Opisyal na LINE Account ng Lungsod ng Nishio**
@nishiocity


**Website ng Kagawaran sa Pag-iwas sa Sakuna at Kaligtasan ng Aichi Prefecture**
https://www.pref.aichi.jp/bousai/

**Nagoya Local Meteorological Observatory**
https://www.jma-net.go.jp/nagoya/

**Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan KIKIKURU (Mapa ng Panganib) Lungsod ng Nishio**
https://www.jma.go.jp/bosai/#area_type=class20s&area_code=2321300&pattern=rain_level

### Pagbrodkast sa Telebisyon at Radyo

Nagbibigay impormasyon gamit ang brodkast na pang-emergency at impormasyon sa teksto gamit ang TV at radyo. Ang impormasyon ng kalamidad na ipinadala ng gobyerno sa panahon ng sakuna ay maaari ding tingnan gamit ang terrestrial digital broadcast data broadcasting. Gamitin ang d button (data broadcasting) sa iyong remote control.




### App sa Pag-iwas sa Sakuna at Mail sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio

Ang Lungsod ng Nishio ay gumawa ng app sa smartphone na nangongolekta ng impormasyon sa sakuna para sa lungsod (dapat i-download ang app). Maaaring gamitin ang app na ito para tingnan ang impormasyong tulad ng mga brodkast mula sa Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna, mga evacuation shelter, at mga mapa ng panganib.
Maaari mo ring tingnan ang mga nilalaman ng brodkast ng Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna gamit ang Mail sa Pag-iwas sa Sakuna (kailangan ang patiunang pagpaparehistro).

**App sa Pag-iwas sa Sakuna**
iPhone / Android
QR code para i-download ang app

**Mail sa Pag-iwas sa Sakuna**
bousai.nishio-city2@raiden2.ktaiwork.jp
Email address at QR code para magparehistro

### Serbisyo sa Telepono ng Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna

Maaari mong suriin ang mga brodkast mula sa Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna gamit ang telepono.
Gamitin ang numero ng telepono sa ibaba para suriin ang impormasyon.

☎ **0120-96-8111 (Libreng tawag)**

### Emergency warning email

Gamitin ang function ng “area email”, “emergency warning email” sa cellphone, at awtomatikong matatanggap sa cellphone sa Lungsod ng Nishio ang impormasyon sa paglikas tulad ng utos sa paglisan at iba pang emergency information.
Para sa paraan ng pagtanggap ng impormasyon, sumangguni sa website ng kompanya ng cellphone na iyong.

### Sasakyan ng Pampublikong Impormasyon

Ipinapadala ito sa panahon ng sakuna at gumagamit ng loudspeaker para makakuha ng atensyon.




### Daloy ng Pagpapadala ng Impormasyon

Kapag inaasahan ang isang sakuna dahil sa pagbugso ng bagyo, magpapadala ng impormasyon ang Ahensya ng Meteorolohiya ng Japan at Lungsod ng Nishio sa Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna, app, email, at Twitter.

**Lungsod ng Nishio:**
- Gumawa ng mga pang-emergency na hakbang sa kaligtasan
- Mga tagubilin sa paglikas
- Paglikas sa mga matatanda

**Impormasyon sa Lagay ng Panahon**

→ Radyo sa Pag-iwas sa Sakuna
→ App sa Pag-iwas sa Sakuna at Mail sa Pag-iwas sa Sakuna ng Lungsod ng Nishio
→ Mabilisang Mail na Pang-emergency (Area Mail)
→ Website, Twitter, Facebook, Opisyal na LINE Account
→ Pampublikong anunsyo ng sasakyan ng pampublikong impormasyon ng lungsod at yunit ng mga bumbero
→ Pagsaklaw ng Media sa impormasyon sa Lagay ng Panahon (TV, radyo, atbp.)

→ **Lahat ng mamamayan**

### Telepono ng Mensahe ng Sakuna

**171 (NTT Silangan)**

Maaari mong kumpirmahing ligtas ka at ang iyong lugar na pinaglikasan gamit ang voice message.

**Kung Paano Gamitin**
I-dial ang **171** para makatanggap ng gabay → Para sa rekording **1** / Para sa pakikinig sa rekording **2** → Ilagay ang numero ng telepono mula sa code ng lugar
Kung nasa apektadong lugar ka, ilagay ang numero ng telepono ng iyong bahay
Kung nasa labas ka ng apektadong lugar, ilagay ang numero ng telepono ng taong nasa apektadong lugar
(☒☒☒☒) ☒☒-☒☒☒☒

## Kasaysayan ng Pinsala ng Pagbugso ng Bagyo

### Isewan Typhoon

Sa kasagsagan ng Isewan Typhoon, na naganap noong Setyembre 1959, higit sa 5,000 katao ang namatay o hindi na natagpuan. Tinatayang 80% ng mga taong ito ang mula sa Aichi Prefecture at Mie Prefecture, na kaugnay sa nangyaring pagbugso ng bagyo.
Sa bagyong ito natala ang narekord na pinakataas na pagbugso ng bagyo sa kasaysayan na 3.55 metros, at habang binabaybay nito ang Kapatagan ng Nobi, ang pinakamalaking lupain ng Japan sa antas ng dagat, nagsanhi ito ng pinsala sa Lungsod ng Nishio.
Nang dahil sa sakunang ito, itinatag ang “Pangunahing Batas sa Pagtugon sa Sakuna” noong 1961, na naging batayan ng mga pagtugon ng Japan sa mga sakuna.

### Mga makasaysayang palatandaan ng pinsala ng pagbugso ng bagyo bago ang Isewan Typhoon

Itinayo ang dalawang batong monumento na nagpapakita sa antas ng tubig mula sa pagbugso ng bagyo sa harap ng Templo ng Shobo-ji. Ang batong monumento sa kanan ay may “palatandaan ng tsunami” na nagpapakita ng pinsala ng pagbugso ng bagyo mula sa 1889 (Meiji 22) habang ang batong monumento sa kaliwa ay may “palatadaan ng pagbugso ng bagyo” na nagpapakita ng antas ng tubig mula sa pinsala ng pagbugso ng bagyo na sanhi ng Bagyong Tess noong 1953 (Showa 28).

**Templo ng Shobo-ji (palatandaan ng tsunami, palatandaan ng pagbugso ng bagyo)**
(Kira-cho Okkawa)



Mayroong “batong monumento sa paggunita sa tsunami” na nagpapakita sa pinsala ng pagbugso ng bagyo noong 1889 (Meiji 22) sa harap ng gate ng Templo ng Houshu-in. Ipinapahiwatig sa atin ng batong monumentong ito na binaha ng dagat ang lugar na ito sa tinatayang pinakamataas na 4.6 metros at inanod ang halos buong dike.

**Templo ng Houshu-in (batong monumento sa paggunita sa tsunami, Kaisho at monumento ng mga kaluluwang lumisan sa tatlong kaharian, Sangai Banrei)**
(Kira-cho Yoshida)



Sa bakuran ng Oshima Hachiman itinayo ang mga batong monumento sa paggunita na nagpapakita ng pinsala ng pagbugso ng bagyo noong 1889 (Meiji 22) at para sa Bagyong Tess noong 1953 (Showa 28).

**Oshima Hachiman-sha**
(Kira-cho Ojima)



Isinangguni mula sa “Mga Leksyon sa Pag-iwas at Pagbabawas ng Epekto ng Sakuna mula sa Website ng Mga Makasaysayang Rekord ng Lindol” ng Website ng Tanggapan ng Pag-iwas sa Sakuna at Seksyon ng Pangangasiwa sa Krisis.